# ALL THAT MATTERS

FILIPINO **WEEK 4**

## Ang sinabi ni Jesus sa Pagiging Mapagbigay

### WARM-UP

- Ano ang mga ginagawa mo para ipakita sa isang tao na mahalaga siya sa iyo?
- Ano ang pinakamahal na regalo na binili mo para sa isang taong mahal mo? Bakit napili mong ibigay ang regalong ito?
- Kung kaya mong bilhin ang kahit na anong bagay, ano ang bibilhin mo at kanino mo ito ibibigay? Bakit mo ito gagawin?

### WORD

[34]*"Alam ninyong nagtrabaho ako para matustusan ang mga pangangailangan namin ng aking mga kasamahan.*
[35]*Ginawa ko ito upang maipakita sa inyo na sa ganitong pagsusumikap ay matutulungan natin ang mga dukha. Lagi nating alalahanin ang sinabi ng Panginoong Jesus na mas mapalad ang nagbibigay kaysa sa tumatanggap."*

**MGA GAWA 20:34,35**

Ipinaalala ni Pablo sa mga mananampalataya sa Efeso na ang pagkakaroon ng yaman at mga ari-arian ay hindi lang para sa sarili nating kaginhawahan at kaligayahan, kundi para makapagbigay tayo sa mga nangangailangan. Ipinaalala pa niya na si Jesus mismo ang nagsabi na *mas mapalad ang nagbibigay kaysa sa tumatanggap*. Sa araw na ito, titignan natin ang tatlong dahilan kung bakit mas mapalad ang nagbibigay kaysa sa tumatanggap.

## 1 Mapalad ang mga nagbibigay dahil nagagawa nilang tumulong sa iba.

*[34]"Alam ninyong nagtrabaho ako para matustusan ang mga pangangailangan namin ng aking mga kasamahan.* **MGA GAWA 20:34**

Ang pagtulong isa iba ay pagpapakita ng pagmamahal. Kung tumutulong tayo na matustusan ang mga pangangailangan ng mga tao sa paligid natin, ipinapakita natin ang pagmamahal ng Diyos sa kanila. Sinabi ni Jesus na *mahalin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, nang buong kaluluwa, at nang buong pag-iisip at mahalin mo ang iyong kapwa katulad ng pagmamahal mo sa iyong sarili* (Mateo 22:37,39). Tayo ay mapalad kung tayo ay nagbibigay dahil naipapakita natin ang pagmamahal natin hindi lamang sa kapwa natin, kundi sa Diyos. Ano ang sinabi ni Jesus sa Mateo 25:35-40 tungkol sa pagtulong sa mga nangangailangan?

## 2 Mapalad ang mga nagbibigay dahil naipapakita nila ang pagiging mapagbigay ng Diyos.

*[35]Ginawa ko ito upang maipakita sa inyo na sa ganitong pagsusumikap ay matutulungan natin ang mga dukha. Lagi nating alalahanin ang sinabi ng Panginoong Jesus na mas mapalad ang nagbibigay kaysa sa tumatanggap."* **MGA GAWA 20:35**

Kaya nating maging mapagbigay dahil labis kung mabigay ang Diyos sa atin. Gusto Niyang ipakita sa mga tao sa paligid natin na Siya ay isang mapagbigay na Diyos. Tayo ay mapalad dahil *magagawa ng Diyos na ibigay sa atin ang higit pa sa mga pangangailangan natin, para sa lahat ng panahon ay maging sapat tayo sa lahat ng bagay, at lagi nating matutulungan ang iba* (2 Corinto 9:8). Kung nagbibigay tayo sa mga nangangailangan, ipinapakita natin ang isa sa mga dakila nating pribilehiyo—ang pagiging katulad ni Cristo. Ito ay isang dakilang pagpapala. Ano ang ginagawa mo para makatulong sa mga nangangailangan sa iyong komunidad? Sa paanong paraan ka nagiging mapagbigay sa kanila?

## 3 Mapalad ang mga nagbibigay dahil higit pa ang matatanggap nila kaysa sa ibinigay nila.

*Magbigay kayo, upang bigyan din kayo ng Diyos. Ibabalik sa inyo nang sobra-sobra at umaapaw ang ibinigay ninyo. Sapagkat kung paano kayo magbigay sa iba, ganoon din ang pagbibigay ng Diyos sa inyo."* **LUCAS 6:38**

Ipinangako ng Diyos na kung paano tayo magbigay sa iba, ganoon din ang pagbibigay na gagawin Niya sa atin. Nangangahulugan ito na habang nagtitiwala tayo sa pagbibigay ng Diyos ng mga pangangailangan natin at bukas-palad na nagbibigay sa iba, gagantimpalaan Niya ang pagiging mapagbigay natin. Ginagantimpalaan tayo ng Diyos hindi lamang ng pananalapi kundi ng katagumpayan, kaligtasan, at kalusugan. Ayon sa Kawikaan 11:24,25, ano ang nangyayari sa mga taong mapagbigay?

## APPLICATION

- Nakikita mo ba ang Diyos bilang pinagmumulan ng lahat ng kailangan mo, o minsan ay umaasa ka sa sarili mong kakayahan na tustusan ang mga ito? Ano ang pwede mong gawin ngayon para matutong mas maniwala sa Diyos?
- Ano ang pwede mong gawin ngayong linggo para mamuhay na handang magbigay? Ano ang isang pangako sa Biliya na maaari mong panghawakan tungkol sa bagay na ito?
- May kakilala ka ba na nahihirapang ipagkatiwala sa Diyos ang kanyang pananalapi? Ano ang pwede mong gawin ngayong linggo para tulungan siyang maniwala sa Diyos para sa mga pangangailangan niya?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagiging lubos na mapagbigay at sa pagbibigay ng gantimpala sa lahat ng nagbibigay. Pasalamatan siya sa pagsisiguro na hindi ka mauubusan.
- Ipanalangin na laging ipaalala sa iyo ng Diyos na maging mapagbigay ka sa mga taong nangangailangan sa paligid mo. Ipanalangin na lagi kang aasa sa Kanya para sa lahat ng mga kailangan mo.
- Ipanalangin na sa pagiging mapagbigay mo, ang mga tao sa paligid mo ay matuto rin na magtiwala sa Diyos para sa araw-araw nilang pangangailangan.

## NOTES

VICTORY

© 2018 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph